# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 31

"9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios." (Mateo 5:9)

Tayo'y magpatuloy upang pagaralan ang Banal na Kasulatan upang tuklasin ng ma's malinaw sa kung ano ang ibig sabihin ni Jesus sa mga tagapagpaya at kung paano ang nais Niya sa ating upang mabuhay ng ating buhay para sa Kanya.

"18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao."(Roma 12:18) Ating basahin ang mensahe sa nakalagay sa bersekulonv ito. "17 Huwag kayong mangagbayad sa kanino man ng masama sa masama. Isipin ninyo ang mga bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao. 18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao. 19 Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit ng Dios: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. 20 Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo: sapagka't sa paggawa mo ng gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo. 21 Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama." (Roma 12:17-21)

"17 Huwag kayong mangagbayad sa kanino man ng masama sa masama. Isipin ninyo ang mga bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao." (Roma 12:17) Sa tagpong ito mayroong isang paglabag na nangyari laban sa atin. Ang itinuturo sa atin ng Diyos bilang mga tagapagpaya, dapat iwasan nating maghiganti o magbayad ng masama masama. Sa karagdagan, Isipin ninyo ang mga bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao: Hayaan mo ang iyong paninindigan ay malinaw sa Salita ng Diyos at ipaliwanag ng maayos na ikaw ay isang tao na anumang ginagawa mong desisyon ay nakaayon sa Banal na Kasulatan, ito ay kung paano maging tapat, at kailangan mong palawakin iyon sa mga taong nakapaligid sayo at ilagay mo sa iyong kilos at isagawa ito ng isang makatarungang paraan sa lahat ng taong nakapaligid sayo. Ngayon gawin natin lahat ang ating makakaya upang ipaliwanag ang ating katatayuan upang magawa ng mga tao na maunawaan. Sa gayon gawin ang lahat ng kaya mo at ang nasa iyong kamay upang maunawaan ng mga tao na ang iyong ginagawa ay mula sa Banal na Kasulatan. Ngunit sa ilang panahon ang Salita ng Diyos at ang kalooban ng Diyos ay napakapangit at hindi katanggap tanggap sa mga taong nakapaligid sa atin. Si Jacob sa araw ng kaniyang kasal ay natanggap niya si Leah sa halip na si Rachel na iniibig niya. Sa ilang mga panahon ang Salita ng Diyos ay katulad nito, at ang mga tao ay magsasabi ng napakasama laban sa atin.

Wala sa bawat tao ang tulad ni Moses na napakataas ang edukasyon ay nagdesisyon upang sumunod sa Diyos, iniwan ang Ehipto at handa upang pakasalan ang anak ng pari ng Midian. Kailangan natin gawin ang lahat hindi lamang upang iwasan ang paghihiganti ngunit huwag magbigay sanhi ng mga paglabag din, at ito ang sinabi dito, "18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao." (Roma 12:18) Ngayon kung mga tao ay hindi kaya tanggapin ang ating paninindigan at magsimulang labanan at guluhin tayo, hindi natin mababago ang ating paninindigan at sirain ang Banal na Kasulatan para sa kanilang sariling kapakanan upang paluguran sila. Paano kung sila'y gumanti? Hindi pa rin, hindi natin sisirain ang Salita ng Diyos upang paluguran sila, ngunit ating pasanin ang kanilang mga banta at pinsala. Tayo ay magpapatuloy sa pananalangin at pagaayuno at ito ang ating mga sandata. Gagawin natin ang lahat upang maprotektahan ang ating mga sarili at hindi tayo gagawa ng pagbabanta o paghihiganti o paglaban, at ito ang sinabi dito, "19 Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit ng Dios: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon." (Mateo 12:19) Sinabi ng Diyos sa Kaniyang Salita na Siya ay maghihiganti, "35 Ang panghihiganti ay akin, at gayon din ang gantingpala, Sa panahon na madudulas ang kanilang mga paa: Sapagka't ang araw ng kanilang pagdadalita ay nalalapit, At ang mga bagay na darating sa kanila ay mangagmamadali." (Deutronomio 32:35) Ang Diyos ang gagawa ng paraan na ang kanilang paa ay madulas at sila'y mahulog sa kalamidad at kaguluhan sa tamang panahon, at silay magbabayad ng maayos sa lahat ng kanilang kasamaan, pagnanakaw, pananamantala, paggamit sa atin, pangaabuso sa atin, panunuya sa atin, panguusig sa atin, atibpa. Ito'y darating ng mabilis sa kanila sa tamang panahon ng Diyos. Ang Diyos ang magbabayad sa kanilang kasamaan at ang Diyos ay gagantimpalaan tayo para sa mga sakit na ating natanggap mula sa kanila. Paano ang tungkol sa paninirang puri sa atin, ang kanilang paninira sa ating reputasyon at ang mga kasinungalingan at ang mga kahihiyan na kanilang isiniwalat laban sa atin? Kailangan nating magtiwala sa Diyos na panunumabalikin Niya ang mga bagay para sa atin. Ang Banal na Espiritu ay magsasalita sa ating ngalan. Si Jose ay inakusahan ng asawa ni Potipar, hindi niya man lang ipinagtanggol ang kaniyang sarili noong inilagay nila siya sa kulungan. Oo totoo, sa kulungan, sinabi niya na siya ay inosente at walang ginawa karapatdapat sa pagkakulong, ngunit ang pangwakas na pagbibigay katuwiran ay nagmula sa Panginoon nang ang Banal na Espiritu ay pukawin si Moses upang isulat kung ano ang talagang nangyari, na ang babae ay pumunta sa kanya, at hindi kabaligtaran habaang inakusahan siya nito.

Sa gayon ang Diyos ang haharap sa ating mga kaaway. Haharapin niya ang lahat ng kanilang kalokohan. Tinitingnan Niya ang lahat ng Kanyang Salita upang matupad. Paano ang tungkol sa atin ano ang kailangan nating gawin? Kailangan nating magpatawad af linisin ang ating mga puso mula sa lahat ng galit, ang masamang pakiramdam, ang sakit, ang dating masakit na alaala at simulan na magisip ng mabuting kaisipan at maging handa pa din na maging isang pagpapala sa mga tao na nakasakit sa atin.

Hayaan natin ang sumandali upang magpatawad sa mga nanakit sa atin at kalimutan ang lahat ng hinaing na nagmula sa kanila. Panginoon linisin mo ang aking isip mula sa masasakit na alaala at sa lahat ng pangaabuso na aking natanggap mula sa mga tao , pagalingin mo ang puso ko at linisin ako Panginoon ako'y nanalangin mula sa lahat ng sakit, galit, pagganti, paghihiganti at walang pagpapatawad.

"20 Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo: sapagka't sa paggawa mo ng gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo." (Roma 12:20) Kung sakaling ikaw ay pinangunahan ng Banal na Espiritu upang gumawa ng isang bagay para sa iyong mga kaaway, pagkatapos ikaw ay tinawag upang gawin ang tiyak na mabuti at hindi masama.

Kung sakali ang Diyos ay nqgsalita sayo upang bumalik sa kanila upang pakainin sila kung sila'y nagugutom and bigyan sila ng maiinom kung sila'y nauuhaw. Nangangahulugang ikaw ay tinawag upang bigyan sila ng lahat ng pangangailangan ng buhay. Ito ay kinuha mula sa Kawikaan 25:21-22, "21 Kung ang iyong kaaway ay magutom, bigyan mo siya ng pagkain na makakain; at kung siya'y mauhaw, bigyan mo siya ng tubig na maiinom: 22 Sapagka't ikaw ay magbubunton ng baga ng apoy sa kaniyang ulo, at gagantihin ka ng Panginoon." (Kawikaan 25:21-22) Sapagka't ikaw ay magbubunton ng baga ng apoy sa kaniyang ulo, ito'y nangangahulugan na pagkatapos mong pakanin siya at bigyan ng maiinom, siya ay mahihiya sa kaniyang galit at ang maling mga bagay na ginawa niya sayo, at maari siyang magsisi at simulang ibigin ka. At gagantihan ka ng Panginoon: Gagantimpalaan ka ng Panginoon kapag gumawa ka ng mga mabuting mga bagay sa iyong mga kaaway bilang ang Banal na Espiritu ng Diyos ang namumuno sayo upang gawin iyon.

"21 Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama." (Roma 12:21) Kaya dito kapag tayo ay nasaktan at ginawan tayo ng masama, sa harapan natin ay hindi ang paghihiganti ngunit gumawa ng mabuti patungo sa mga nanakit sa atin. Sa ilang panahon ang Diyos ay hinahayaan ang mga sitwasyon upang magpatuloy na tagpuin tayo sa ating buhay hanggang ating matutunan na huwag magsalita at maghinganti bagkus gawin ang mabuti patungo sa ating mga kaaway. Ang sanglibutan ay tinuturuan tayo na maghiganti, ngunit ang Mabuting Balita at ang biyaya ng Diyos tunuturuan tayo ng ibang aral. Tayo ay magkakaroon ng pananagum pay kapag gumawa tayo ng mabuti at pigilan ang kasamaan.

Mayroong isang kwento sa Lumang Testamento tungkol sa ganitong pangyayari: "8 Ang hari nga sa Siria ay nakipagdigma sa Israel; at siya'y kumuhang payo sa kaniyang mga lingkod, na nagsasabi, Sa gayo't gayong dako malalagay ang aking kampamento. 9 At ang lalake ng Dios ay nagsugo sa hari sa Israel, na nagsasabi, Magingat ka na huwag dumaan sa dakong yaon; sapagka't doo'y lumulusong ang mga taga Siria. 10 At nagsugo ang hari sa Israel sa dakong isinaysay sa kaniya ng lalake ng Dios at ipinagpauna sa kaniya; at siya'y lumigtas doon, na hindi miminsan o mamakalawa.11 At ang puso ng hari sa Siria ay nabagabag na mainam dahil sa bagay na ito; at kaniyang tinawag ang kaniyang mga lingkod, at sinabi sa kanila, Hindi ba ninyo ipakikilala sa akin kung sino sa atin ang sa hari sa Israel? 12 At sinabi ng isa sa kaniyang mga lingkod, Hindi panginoon ko, Oh hari: kundi si Eliseo, na propeta na nasa Israel, ay nagsaysay sa hari sa Israel ng mga salita na iyong sinalita sa iyong silid na tulugan. 13 At kaniyang sinabi, Ikaw ay yumaon at tingnan mo kung saan siya nandoon, upang ako'y makapagpasundo at dalhin siya. At nasaysay sa kaniya, na sinabi, Narito, siya'y nasa Dothan. 14Kaya't siya'y nagsugo roon ng mga kabayo at mga karo, at ng isang malaking hukbo: at sila'y naparoon sa gabi, at kinubkob ang bayan sa palibot.15 At nang ang lingkod ng lalake ng Dios ay magbangong maaga, at maglabas, narito, isang hukbo na may mga kabayo at mga karo ay nakalibot sa bayan. At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniya, Sa aba natin, panginoon ko! paano ang ating gagawin? 16 At siya'y sumagot, Huwag kang matakot: sapagka't ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila. 17 At si Eliseo ay nanalangin, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, Panginoon, na idilat ang kaniyang mga mata, upang siya'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang mga mata ng binata; at siya'y nakakita, at narito, ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy sa palibot ni Eliseo. 18 At nang kanilang lusungin siya, ay nanalangin si Eliseo sa Panginoon, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, na bulagin mo ang bayang ito. At kaniyang binulag sila ayon sa salita ni Eliseo. 19 At sinabi ni Eliseo sa kanila, Hindi ito ang daan, o ang bayan man: sumunod kayo sa akin, at dadalhin ko kayo sa lalake na inyong hinahanap. At kaniyang pinatnubayan sila hanggang sa Samaria.20 At nangyari, nang sila'y magsidating sa Samaria, na sinabi ni Eliseo, Panginoon, idilat mo ang mga mata ng mga lalaking ito, upang sila'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang kanilang mga mata, at sila'y nangakakita; at, narito, sila'y nangasa gitna ng Samaria. 21At sinabi ng hari sa Israel kay Eliseo, nang makita niya sila, Ama ko, sasaktan ko ba sila? sasaktan ko ba sila? 22 At siya'y sumagot. Huwag mong sasaktan sila; sasaktan mo ba ang iyong binihag ng iyong tabak at ng iyong busog? maghain ka ng tinapay at tubig sa harap nila, upang kanilang makain at mainom, at magsiparoon sa kanilang panginoon. 23 At ipinaghanda niya ng malaking pagkain sila: at nang sila'y makakain at makainom, kaniyang pinayaon sila, at sila'y nagsiparoon sa kanilang panginoon. At ang pulutong ng Siria ay hindi na naparoon pa sa lupain ng Israel." (2 Mga Hari 6:8-23)

"8 Ang hari nga sa Siria ay nakipagdigma sa Israel; at siya'y kumuhang payo sa kaniyang mga lingkod, na nagsasabi, Sa gayo't gayong dako malalagay ang aking kampamento. 9 At ang lalake ng Dios ay nagsugo sa hari sa Israel, na nagsasabi, Magingat ka na huwag dumaan sa dakong yaon; sapagka't doo'y lumulusong ang mga taga Siria. 10 At nagsugo ang hari sa Israel sa dakong isinaysay sa kaniya ng lalake ng Dios at ipinagpauna sa kaniya; at siya'y lumigtas doon, na hindi miminsan o mamakalawa." (2 Mga Hari 6:8-10) Dito ang mga kaaway ay nagpaplano upang gumawa ng masama laban sa Israel. At dito ang lalaki ng Diyos si Elias ay ipinadala at ipinaalam sa Hari ng Israel tungkol sa paglusob na iyon. Kung mayroon tayong kaisipan ng Diyos at tayo ay mga tagapagpaya. Bibigyan tayo ng inspirasyon ng Diyos kung paano labanan ang kapangyarihan ng kadiliman. Ipapakita Niya sa atin bilang ipinakita Niya dito ang paggalaw ng kaaway habang ipinakita Niya kay Elias, ang lalaki ng Diyos, na nagbabala sa bayan ng Diyos ang pagdating ng pana nakot at kinuha ang kanilang bantay at sila'y naprotektahan. Nangyari ito hindi lamang isa o dalawa ngunit paulit ulit. Narito ang lakas ng mga tagapagpaya na iyon ay tinatanggap mula sa Diyos. Ang mundo ng digmaan at pagbalangkas ng masama, ngunit tayo ay may kapayapaan, at tayo ay may kagaanan nilalasap natin ang mapayapang buhay at buhay na buo: ang pagbabala at pagtulong sa mga tao ng Diyos at himukin sila at bigyan sila ng mga payo kung paano iwasan ang mga sakuna at ang kapangyarihan ng kadiliman na ginagawa laban sa kanila. Ang demonyo ay galit sa atin sapagkat tayo ay nagtuturo sa iba kung paano iwasan ang mga sandata ng demonyo at kung paano tumakas sa lahat ng sakuna na ang mga demonyo ang nagpapatupad laban sa kanila. Ang Salita ng Diyos na itinuturo natin sa mga tao ng Diyos ay inilalantad sa kanila ang pagkilos ng Demonyo at ito'y mga demonyo at ang kanilang mga pamamaraan, kaya pala tayo ay kinapopootan at tayo ay pinpuntirya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kadiliman. Nang ilatag natin ang pundasyon na ang mga apostoles ni Cristo ang naglatag, sa gayun tayo ay nagtuturo sa kanila upang magtago at upang protektahan ang kanilang sarili mula sa kasamaan ng kaaway. Ang iba't ibang katuruan na ang Diyos ang namumuno sa simbahan sa pamamagitan natin ay upang protektahan ang mga kasapi at iligtas sila sa mga kapahamakan mula sa plano ng demonyo. Dito si Elias ay tinuturuan ang mga tao at sinasabihan sila tungkol sa pagkilos ng kaaway at sa kanilang pamamaraan. Tayo bilang mga tagapagpaya ginagawa natin ang kagaya at tinuturuan natin ang mga tao upang umiwas na makulong sa paggalaw ng mga kaaway. Ang mga kaaway ay ganap na naninibugho, sakim, makasarili at kailangan talaga nating matuto mula sa Banal na Kasulatan kung paano hawakan sila.

"11 At ang puso ng hari sa Siria ay nabagabag na mainam dahil sa bagay na ito; at kaniyang tinawag ang kaniyang mga lingkod, at sinabi sa kanila, Hindi ba ninyo ipakikilala sa akin kung sino sa atin ang sa hari sa Israel?" (2 Mga Hari 6:11) Ang ating mga kaaway, ang diyablo at mga demonyo at ang mga sumusunod sa kanila ay sakit ng kaguluhan dahil inilalathala natin ang kanilang mga plano at mga panukala ng kasamaan, sa gayun ang mga taong kinokontrol ng kapangyarihan ng kadiliman sila'y napopoot sa atin at idinedirekta nila ang kanilang pwersa upang guluhin tayo. Sila'y nagpaplano ng masama laban sa atin, habang tayo ang nasa ating mga puso ay walang plano upang maghiganti, sa gayun kapag nakikita nila na pinoprotektahan tayo ng Diyos, ang kanilang puso ay maaring maging matigas at mapuno ng paninibugho at sakit. Sila'y nagaalinlangan sa kanilang sarili na mayroong ibang tao sa kanila na nagtataksil sa kanila.

"12 At sinabi ng isa sa kaniyang mga lingkod, Hindi panginoon ko, Oh hari: kundi si Eliseo, na propeta na nasa Israel, ay nagsaysay sa hari sa Israel ng mga salita na iyong sinalita sa iyong silid na tulugan." (2 Mga Hari 6:12) Sa wakas nalaman nila ang tungkol kay Eliseo, na siya ang isa na naglalthala sa Hari ng Israel sa kanilang mga pagkilos. Sa wakas nalaman nila na tayo ay pinapangunahan ng Diyos sa ating ginagawa, at ipinapabatid sa atin ng Diyos ang kanilang mga pagkilos at mga sabwatan. Tayo ay inaatake at ating mga pangalan at ang tao ay naka blacklisted. Sa ganitong pagunlad silay magsisimulqng kamuhian tayo at magplano ng masama laban sa atin.

"13 At kaniyang sinabi, Ikaw ay yumaon at tingnan mo kung saan siya nandoon, upang ako'y makapagpasundo at dalhin siya. At nasaysay sa kaniya, na sinabi, Narito, siya'y nasa Dothan. 14 Kaya't siya'y nagsugo roon ng mga kabayo at mga karo, at ng isang malaking hukbo: at sila'y naparoon sa gabi, at kinubkob ang bayan sa palibot." (2 Hari 6:13-14) Silay baka magtulungan laban sa atin at subukang saktan tayo, gaya ng nangyari kay Eliseo dito noong ang hari ng Syria ay nalaman na ang lahat ng kanyang pagkilos ay inihahayag kay Eliseo at siya ay binibigyan ng katalinuhan, siya galit na galit patungo kay Eliseo at ay nagplano upang saktan siya. Natuklasan nila kung saan siya matatagpuan at sila'y nagpadala mga kabayo at karo upang hulihin siya. Bakit sila'y nagalit at masama ang loob kay Eliseo at gusto nila siyang hulihin? Sapagka't si Eliseo ay sinira ang kanilang plano, sa gayon sila'y ipinadala sa Dothan at kunin upang hulihin siya.

Sa totoo lang, tayo bilang Simbahan ng Diyos sa ilang pagkakataon tayo ay kinapopootan ng mga tao sapagka't ginagawa natin upang sirain ang kanilang mga plano na hindi umaayon sa kalooban ng Diyos. Sa ilang pagkakataon tayo ay walang kamalayan, ngunit ang ating katuruan ay nakadirekta upang sirain ang lahat ng kamunduhan at mga plano at ambisyon ng mga tao.

Iyon ang gagawin sa atin ng mga kaaway, silay magsisimulang labanan tayo at dalusungin tayo sapagka't ang dyablo ay nasa likod nila at ginagamit sila upang saktan tayo at ang simbahan ng Diyos. Ang Dyablo ay magtatapos sa walang hanggang ay hinihila ang iba na makasama niya. Kaya sa huli matutuklasan natin ang isang malaking kawan ng mga tao ang laban sa atin, at gaya ng mga sundalo ay darating upang palibutan tayo upang labanan tayo gaya ng nangyari dito kay Eliseo. Natuklasan nila kung nasaan si Eliseo at sila'y nagpadala ng mga sundalo upang atakehin siya. Oo totoo tayo napapaligiran ng isang malaking lipi ng mga tao na laban sa anong ating itinuturo at laban sa anong ating sinusunod, bagama't ang nasa atin ay mas dakila pa rin kaysa silang nasa sanglibutan.

"15 At nang ang lingkod ng lalake ng Dios ay magbangong maaga, at maglabas, narito, isang hukbo na may mga kabayo at mga karo ay nakalibot sa bayan. At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniya, Sa aba natin, panginoon ko! paano ang ating gagawin?" (2 Mga Hari 6:15) Ang lingkod ni Eliseo ay nakita ang mga sundalo at ang malaking hukbo ng mga kaaway at siya ay natakot. Siya ay nagulat at sinabi "paano ang ating gagawin" May mga kasama tayo mga kapatid silang walang malakas na pananampalataya ay mayayanig kapag ang mga kaaway ay atakihin tayo sa gayon kailangan natin silang hikayatin. Ang ilang mga tao sila'y sumusunod lamang sa sumusunod na mga resulta. Sila'y sumusunod sa malalakas sa gayon kailangan nating maging alisto kung paano hawakan ang ganitong mga tao. Sa karunungan ng Diyos si Eliseo ay sumagot ang kanyang lingkod, "16 At siya'y sumagot, Huwag kang matakot: sapagka't ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila." (2 Mga Hari 6:16) Kailangan nating hikayatin ang mga tao na huwag matakot o mabagabag. Oo ang hukbo ng Diyos ay kasama natin, ang mga anghel ng Diyos ay nakakampo sa paligid natin, tayo na namumuhay sa matuwid na buhay: ang mga anghel ng Diyos ay nakakampo sa paligid ng mga tagapagtaguyod ng kapayapaan na takot sa Diyos upang protektahan tayo. Ang mga tagapagpayapa ay hindi natatakot kapag sila nilulusob sapagka't ang mga hukbo ng Diyos ay kasama natin ..

"17 At si Eliseo ay nanalangin, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, Panginoon, na idilat ang kaniyang mga mata, upang siya'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang mga mata ng binata; at siya'y nakakita, at narito, ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy sa palibot ni Eliseo." (2 Mga Hari 2:17) Si Eliseo ay nanalangin ng tamang panalangin. Sinabi niya sa Diyos na buksan ang mga mata ng kanyang lingkog upang kanyang makita ang maraming Sundalo ng Diyos na kasama nila. Oo may isang malaking Sundalo na nakapaligid din sa atin! Tayo ay protektado at tayo ay ligtas sa presensiya ng Diyos na Makapangyarihan.

"18 At nang kanilang lusungin siya, ay nanalangin si Eliseo sa Panginoon, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, na bulagin mo ang bayang ito. At kaniyang binulag sila ayon sa salita ni Eliseo." (2 Mga Hari 6:18) Dito si Eliseo ay nanalangin na sila'y tamaan ng pagkabulag upang hindi nilang magawang hulihin siya. Ang kanyang panalangin ay hindi upang sumpain sila bagkus upang protektahan lamang ang kaniyang sarili. Tayo ay nanalanagin ng ganitong paraan sa tiyak na panahon hindi lang upang protektahan ang ating mga sarili , kundi ganon din upang iderikta ang ating mga kaaway sa direksyon na nais ng Diyos sa kanila upang punatahan.

"19 At sinabi ni Eliseo sa kanila, Hindi ito ang daan, o ang bayan man: sumunod kayo sa akin, at dadalhin ko kayo sa lalake na inyong hinahanap. At kaniyang pinatnubayan sila hanggang sa Samaria." (2 Mga Hari 6:19) Ang mga Siriano ay nabulag. Kaya si Eliseo ay nakaya upang pangunahan sila sa bayan ng Samaria. Sila'y pumunta sa Dothan ngunit kinuha niya sila sa Samaria. Sinabi ni Eliseo sa kanila hindi ito ang daan upang kunin sila sa direksyon kung saan hindi nila kailanman nais na pumunta. Bakit niya ginawa ito at dinala

sila sa Samaria?! Maaring ginawa niya ito upang turuan ang ang Hari ng Israel ng isang aral sa pagkahabag at pagpapatawad bilang ebidensya sa susunod na mga bersekulo lalo na sa bersekulo ng 21 hanggang 22.

Ito ay hindi pagsasabi sa kanila ng kasinungalingan. Ginagawa natin sa ilang pagkakataon ang parehong paraan ng pagkikipagusap upang ang mga tao ay maituwid aa direksyon na nais ng Diyos sa kanila upang ipagpagpatuloy.

"20 At nangyari, nang sila'y magsidating sa Samaria, na sinabi ni Eliseo, Panginoon, idilat mo ang mga mata ng mga lalaking ito, upang sila'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang kanilang mga mata, at sila'y nangakakita; at, narito, sila'y nangasa gitna ng Samaria." (2 Mga Hari 6:20) Pagkatapos nilang pumunta sa Samaria, si Eliseo ay nanalangin na buksan ng Diyos ang kanilang mga mata upang sila'y makakita. Nang ang kanilang mga mata'y nabuksan, ang mga Siriano malamang nasumpungan nila ang kanilang mga sarili na nasa gitna ng kanilang mga kaaway, ang mga Sundalo ng mga Israelita. Ang Diyos ay laging sisiguraduhin na ang ating mga kaaway ay mapagtatanto na hindi sila mananaig laban sa atin at iyon ang Panginoon ay ipinagkaloob sa atin ang kapangyarihan, karunungan at karapatan. Ma's Dakila Siya na nasa atin kaysa sa isa na nasa sanlibutan.

"21 At sinabi ng hari sa Israel kay Eliseo, nang makita niya sila, Ama ko, sasaktan ko ba sila? sasaktan ko ba sila? 22 At siya'y sumagot. Huwag mong sasaktan sila; sasaktan mo ba ang iyong binihag ng iyong tabak at ng iyong busog? maghain ka ng tinapay at tubig sa harap nila, upang kanilang makain at mainom, at magsiparoon sa kanilang panginoon." (2 Mga Hari 6:21-22) Ang Hari ng Israel ay nagtanong kay Eliseo kung maari niya silang patayin bilang kanyang mga kaaway, ngunit si Eliseo ay nagutos sa kanya na huwag gawin sapagka't sila'y mga bilanggo at hindi dapat patayin sila bagkus bigyan sila ng pagkain at inumin at upang pabalikin sila sa kanilang panginoon. Sinabi ni Eliseo iyon upang ang hari ay pakainin sila at tuparin ang Salita ng Diyos sa Kawikaan 25: 21-22. Tayo bilang simbahan at mga mangagawa ng Diyos ay maaring manalangin na ang mga tao'y mabulag upang sila'y huwag pumunta sa maling direksyon na pinaplano nilang puntahan, gaya ng ginawa ng Diyos nang binulag Niya si Saul upang magpakumbaba sa Kanya at pagkatapos noon binuksan Niya ang kanyang mga mata. Tayo bilang simbahan ay maari gawin ang lahat ng mga bagay upang tulungan ang mga tao upang pumunta sa direksyon sa langit. Tayo ay hindi mapanganib na mga tao ngunit tayo ay ang mga tagapagpayapa ng Diyos at alam natin na ang Diyos ay may mabuting mga plano para sa lahat ng mga tao at kailangan nila makarating sa langit.

Ang mga tao ay may maling pagiisip tungkol sa atin at maaring saktan tayo ngunit tayo ay may mabuting intensyon patungo sa mga tao at mayroong mabuting pagiisip patungo sa kanila upang magawa nilang makarating sa langit kasama natin. Ang simbahan ay hindi paligoy ligoy upang pumili kung saan ang mga tao ay nais pumunta. Ngunit ang simbahan ay isang simbahan pabalik upang pamunuan ang mga tao pabalik sa 180 degree sa plano ng Diyos.

Ang Hari ng Israel ay hindi dapat silang patayin sapagkat sila ay hindi na nakakapinsala at hindi na sila makakagawa ng anumang kalokohan. Kaya ngayon ating mauunawaan kung bakit siya ay nanalangin na sila'y tamaan ng pagkabulag upang kunin niya sila na mga bilanggo at sa huli upang matrato ng maayos sa pagbibigay sa kanila ng pagkain at inumin. Ang hari ng Israel ay tinawag si Eliseo "Aking Ama" na nakapaloob ang awtoridad na mayroon ang lalaki ng Diyos at ang pabor na ang Diyos ang nagbigay sa kanya sa mga tao.

"23 At ipinaghanda niya ng malaking pagkain sila: at nang sila'y makakain at makainom, kaniyang pinayaon sila, at sila'y nagsiparoon sa kanilang panginoon. At ang pulutong ng Siria ay hindi na naparoon pa sa lupain ng Israel." (2 Mga Hari 6:23) Nang tratuhin niya sila at ipadala sila sa pabalik sa kanilang panginoon, ang pangako ng Diyos ay natupad, "21 Kung ang iyong kaaway ay magutom, bigyan mo siya ng pagkain na makakain; at kung siya'y mauhaw, bigyan mo siya ng tubig na maiinom:22 Sapagka't ikaw ay magbubunton ng baga ng apoy sa kaniyang ulo, at gagantihin ka ng Panginoon." (Kawikaan 25:21-22) upang magbunton ng baga sa kaniyang ulo, para sila'y mahiya sa ginagawa nila sa sadyang saktan ang mga Israelita, at sa wakas ang kanilang lupong ay tumigil sa pagpunta sa lupain ng Israel..Kapag tayo ay kumilos bilang mga tagapagpayapa ang ating mga kaaway ay mapapahiya sa wakas at titigil sa paglusob sa atin. Si Eliseo sa paggawa noon tinuruan niya ng isang aral ang Hari ng Israel kung paano maging tagapagpaya at harapin ng maayos at mabisa patungo sa kanyang mga kaaway.

"24 At nangyari, pagkatapos nito, na pinisan ni Ben-adad na hari sa Siria, ang buo niyang hukbo, at umahon, at kinubkob ang Samaria." (2 Mga Hari 6:24) Ngunit para sa isang saglit at para sa isang panahon ang kaaway ay hindi lulusob sa atin ngunit sa huli sila'y babalik at lulusubin tayo. Hindi ang mga tao ang lumulusob sa atin, kundi ang diyablo na nasa likuran nila, ay magpapatuloy upang pukawin ang bagong mga tao o bagong biktima upang gawin iyon. Sa gayon kailangan nating panatiihin ang paguugali ng mga tagapagpaya upang makayanan natin ulit harapin ang lakas ng mga kaaway at ang kapangyarihan ng kadiliman.

Sa aking mahal at minamahal: Sa pagtatapos, ating iklian ang ating natutunan upang maging mga tagapagpaya.

Bilang mga tagapagpaya, hayaan mo ang iyong paninindigan ay malinaw sa Salita ng Diyos at ipaliwanag ng maayos na ikaw ay isang tao na anumang ginagawa mong desisyon ay ayon sa Banal na Kasulatan, ito ay kung paano maging tapat, at kailangan mong palawakin iyon sa mga taong nakapaligid sayo at ilagay mo sa iyong gawa at isagawa ito ng isang makatarungang paraan sa lahat ng taong nakapaligid sayo. Gawin ang lahat ng kaya mo at ano ang nasa iyong kamay upang maunawaan ng mg tao na ang iyong ginagawa ay mula sa Banal na Kasulatan.

Bilang mga tagapagpaya, kailangan gawin ang lahay ng kayang gawin hindi lamang upang iwasan qng paghihigabyi bagjus huwag maging sanhi ng pagkakasala din. Paano kung sila'y gumanti? Hindi pa rin, hindi natin sisirain ang Salita ng Diyos upang paluguran sila, ngunit ating pasanin ang kanilang mga banta at pinsala. Tayo ay magpapatuloy sa pananalangin at pagaayuno at ito ang ating mga

sandata. Gagawin natin ang lahat upang maprotektahan ang ating mga sarili at hindi tayo gagawa ng pagbabanta o paghihiganti o paglaban.

Bilang mga tagapagpaya ng Diyos, kailangan nating magtiwala sa Diyos na ang Banal na Espiritili ay magsasalita sa ating kalagitnanan. Itutuwid Niya ang mga naninirang puri sa atin, ang kanilang pagpapasama ng ating reputasyon at ang mga kasinungalingan at ang mga eskandalo na kanila pinapakalat laban sa atin..

Bilang mga tagapagpayapa kailangan nating magpatawad af linisin ang ating mga puso mula sa lahat ng galit, ang masama pakiramdam, ang sakit, ang dating masakit na alaala at simulan na magisip ng mabuting kaisipan at maging handa pa din na maging isang pagpapala sa mga tao na nakasakit sa atin.

Bilang mga tagapagpaya, kung sakali ikaw ay pinangunahan ng Banal na Espiritu upang gumawa ng isang bagay para sa iyong mga kaaway, pagkatapos ikaw ay tinawag upang gawin ang tiyak na mabuti at hindi masama. Kung sakali ang Diyos ay nqgsalita sayo upang bumalik sa kanila upang pakainin sila kung sila'y nauuhaw and bigyan sila ng maiinom. Nangangahulugang ikaw ay tinawag upang bigyan sila ng lahat ng pangangailangan ng buhay.

Bilang mga tagapagpaya, ang Diyos ay gagantimpalaan ka kapag gumawa ka ng mga mabuting mga bagay sa iyong mga kaaway habang ang Banal na Espiritu ng Diyos ang namumuno sayo upang gawin iyon.

Bilang mga tagapagpaya, hinahayaan ng Diyos ang mga sitwasyon upang magpatuloy na tagpuin tayo sa ating buhay hanggang sa ating matutunana na huwag magsalita at maghinganti bagkus gawin ang mabuti patungo sa ating mga kaaway. Ang sanglibutan ay tinuturuan tayo na maghiganti, ngunit ang Mabuting Balita at anb biyaya ng Diyos tunuturuan tayo ng ibang aral. Tayo ay magkakaroon ng pananagumpay kapag gumawa tayo nb mabuti at pigilin mula sa masama.

Bilang mga tagapagpayapa, ang Diyos ay pasisiglahin tayo kung paano labanan ang kapangyarihan ng kadiliman. Ipapakita Niya sa atin bilang ipinakita Niya dito ang paggalaw ng kaaway upang maharap natin sila.

Bilang mga tagapagpaya, tayo ay nakatanggap ng kapangayarihan mula sa Diyos. Ang mundo ng digmaan at pagbalangkas ng masama, ngunit tayo ay may kapayapaan, at tayo ay may kagaanan at nilalasap natin ang mapayapang buhay at buhay na buo:

Bilang mga tagapagpaya, ang Salita ng Diyos na itinuturo natin sa mga tao ng Diyos ay naglalantad sa kanila ng pagkilos ng Demonyo at ito'y demonyo at ang kanilang mga pamamaraan, kaya pala tayo ay kinapopootan at tayo ay pinupuntirya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kadiliman.

Bilang mga tagapagpaya, tinuturuan natin ang mga tao upang makaiwas sa bitag ng paggalaw ng mga kaaway. Ang mga kaaway ay ganap na naninibugho, sakim, makasarili at kailangan talaga nating matuto mula sa Banal na Kasulatan kung paano hawakan sila.

Bilang mga tagapagpaya, tayo bilang Simbahan ng Diyos sa ilang pagkakataon tayo ay kinapopootan ng mga tao sapagka't ginagawa natin upang sirain ang kanilang mga plano na hindi umaayon sa kalooban ng Diyos. Sa ilang pagkakataon tayo ay walang kamalayan, ngunit ang ating katuruan ay nakadirekta upang sirain ang lahat ng kamunduhan at mga plano at ambisyon.

Bilang mga tagapagpaya, ang kaaway ay nagsisimulang labananan tayo at dalusungin tayo sapagka't ang dyablo ay nasa likod nilaat ginagamit sila upang saktan tayo at ang simbahan ng Diyos. Ang Dyablo ay magtatapos sa walang hanggang ay hinihila ang iba na makasama niya. Kaya sa huli matutuklasan natin na ang isang malaking kawan ng mga tao ang laban sa atin, at gaya ng mga sundalo ay darating na nakapaligid sa atin upang labanan tayo gaya ng nangyari dito kay Eliseo.

Bilang mga tagapagpaya, totoo na tayo ay napapaligiran ng isang malaking lipi ng mga tao na laban sa anong ating itinuturo at laban sa anong ating sinusunod, bagama't ang mga nasa atin ay mas malaki pa rin kaysa silang nasa sanglibutan.

Bilang mga tagapagpaya, kailangan nating hikayatin ang mga tao na huwag matakot o mabagabag dahil ang hukbo ng Diyos ay kasama natin, ang mga anghel ng Diyos ay nakapalibot sa paligid natin upang protektaham tayo.

Bilang mga tagapagpaya, tayo ay nanalanagin sa tiyak na panahon na upang paluin ng Diyos ang ating mga kaaway hindi lang upang protektahan ang ating mga sarili , kundi ganon din upang iderikta ang ating mga kaaway sa direksyon na nais ng Diyos sa kanila upang pumunta.

Bilang mga tagapagpayapa kailangan nating maintindihan na ang Diyos ay laging sisiguraduhin na ang ating mga kaaway ay mapagtatanto na hndi sila mananaig laban sa atin at ang Panginoon ay ipinagkaloob sa atin ang kapangyarihan, karunungan at karapatan. Ma's Dakila Siya na nasa atin kaysa sa isa na nasa sanlibutan.

Tayo bilang simbahan ay maari gawin ang lahat ng mga bagay upang tulungan ang mga tao upang pumunta sa direksyon ng langit. Tayo ay hindi mapanganib na mga tao ngunit tayo ay ang mga tagapagpayapa ng Diyos at alam natin na ang Diyos ay may mabuting mga plano para sa lahat ng mga tao at kailangan nila makarating sa langit kasama natin. Ang simbahan ay hindi paligoy ligoy upang pumili kung saan ang mga tao ay nais pumunta. Ngunit ang simbahan ay upang pamunuan ang mga tao pabalik sa 180 degree sa plano ng Diyos.

Kapag tayo ay kumilos bilang mga tagapagpayapa ang ating mga kaaway ay mapapahiya sa wakas at titigil sa paglusob sa atin.

Bilang mga tagapagpaya, kailangan nating maintindihan hindi ang mga tao ang lumulusob sa atin, kundi ang diyablo na nasa likuran nila, ay magpapatuloy upang pukawin ang bagong mga tao o bagong biktima upang gawin iyon. Sa gayon kailangan nating ingatan ang paguugali ng mga tagapagpaya upang makayanan natin ulit harapin ang kapangyarihan ng mga kaaway at ang kapangyarihan ng kadiliman.

Ang aking panalangin.

Ama naming Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, inilibing at bumangon mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ihayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong walang galit, pagganti, sama ng loob and poot patungo sa iyong mga kaaway.

Tayo ngayon ay manahimik sumandali upang patawarin ang mga nanakit sa atin at upang kalimutan ang lahat ng hinanakit na nakuha mula sa kanila.

Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili upang manatili sa iyong Salita na natanggap ko sa mensaheng ito na maging tunay na tagapagpaya. Panginoon bigyan mo ako ng karunungan kung paano ilapat anumang ang aming napagaralan ngayon sa iyong Salita upang pakainin ang aking kaaway at bigyan ako ng isang tasa upang inumin at upang sumunod sa iyong kaparaanan sa pagharap sa mga napopoot patungo sa akin.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ng kanilang mga sarili sa harapan mo upang mabuhay bilanv mga tagapagpaya at ilapat ang mga prinsipyo na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito, Panginoon protektahan mo sila, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.Panginoon aliwin mo sila at tiyakin sa kanila na ikaw ay sumasakanila at ginagabayan sila sa kanilang buhay. Panginoon ibigay mo sa kanila ang kagalakan, at kasayahan at kapayapaan. Panginoon bisitahin mo sila at ihayag ang iyong sarili ng higit sa kanila at bigyan sila ng pagkakakilanlan kung paano harapin ang kanilang mga kaaway.

Panginoon protektahan kami mula sa paguusig. Panginoon harapin mo ang mga umaatake sa amin at gantimpalaan mo ang mga sumusuporta sa amin. Panginoon punuin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at gawin ang aming buhay na kaakit akit patotoo sa iba upang ang mga tao ay maniwala sayo at simulang sumunod sayo at mabihqy ayon sa iyong Salita at sa iyong katuwiran. Panginoon gamitin kami bilang mga tagapagpaya na nais mo sa amin upang maging, upang magebanghelyo at upang gumawa ng bagong alagad na iyong itinalaga.

Panginoon, ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami mg iyong Banal na Espiritu at bigyan daan kami upang makapagebanghelyo at upang maabot ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nanalangin na iyong bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang kami'y hindi masaktan. Sumaamin nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ng pagibig ng Diyos at ng pakikipagkaisa ng Banal n Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.